Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-31 NG AGOSTO, 2021 SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Kieven E. Cantos | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Jess V. Sapungan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Tulay M. Caring | IPM Representative |
| Kgg. Kim Jonh Elco E. Cantos | SK Federation President |

**HINDI NAKADALO:**

**WALA**

x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

## KAPASYAHAN BLG. 21-08-258

## KAPASYAHANG PAGKILALA SA NATATANGING KONTRIBUSYON NI G. DANILO D. MANIPON, ESKULTOR AT MANLILILOK SA LARANGAN NG SINING AT RELIHIYON

**"SAPAGKAT,** ang munting Bayan ng Bulalacao ay matatagpuan sa dulong bahagi ng Lalawigan ng Oriental Mindoro na sa kabila ng pinansyal na pagsubok at kakulangan sa pamumuhay ay mapalad pa rin sa pagkakaroon ng mga indibidwal na mayroong kanais-nais at positibong karakter na siyang nagbibigay inspirasyon at pag-asa sa progresibo at matiwasay na komunidad;

**"SAPAGKAT,** bagamat ipinanganak at nagmula sa Lalawigan ng Nueva Ecija, si G. Danilo D. Manipon ay naging lehitimong residente ng Bulalacao nang siya ay nagkapamilya at nanirahan sa Sitio Rizal, Barangay Poblacion; siya ang mapagpalang gumawa at lumilok sa rebulto ng Poong Hesus Kristo at ibang mga santo na karamihan ay makikita sa loob ng simbahang katoliko at mga monumento ni Gat. Jose Rizal sa bawat paaralan ng Bayan ng Bulalacao;

**"SAPAGKAT,** si G. Danilo D. Manipon ay isang kahanga-hangang eskultor at manlililok na nagpamalas ng katangi-tanging galing at dedikasyon sa larangan ng sining at relihiyon na nagbigay ng karangalan at inspirasyon hindi lamang sa Bayan ng Bulalacao kundi maging sa buong Lalawigan ng Oriental Mindoro;

**"SAPAGKAT,** iba't-ibang rebulto ng mga santo at Poon ng simbahan at monumento ang kanyang matagumpay na nagawa sa loob at labas ng Lalawigan ng Oriental Mindoro, ilan dito ay ang mga sumusunod:

i. Sta. Catalina at Crucifix sa Mansalay.
ii. Sto. Niño, Our Lady of Fatima, Our Lady of Lourdes, St. Joseph, Mama Mary, teachers with pupils and painting of Jesus Christ baptism sa Roxas.
iii. Our Lady of Fatima, St. Lorenzo, at Our Lady of Lourdes sa Bongabong.
iv. Sto. Niño sa Bansud.
v. Our Lady of Lourdes "Ina ng Awa" at Jose Rizal sa Gloria.

2021.05.25 15:

Scanned with CamScanner

vi. St. Augustine, 2 Mama Mary, at painting ng simbahan sa Pinamalayan.
vii. Sacred Heart of Jesus and Our Lady of Lourdes sa Socorro.
viii. St. John Jesus at Miraculous painting sa Pola.
ix. Our Lady of Fatima, 2 Mama Mary, Good Shepherd, at Fr. Mehler sa Victoria.
x. San Nicolas at Our Lady of Lourdes sa Naujan.
xi. Holy Family at Fr. Tongkel sa Baco.
xii. Knights of Columbus founder sa Puerto Galera.
xiii. St. Peter Benedict, 2 Mama Mary, 3 Angels, Divine Mercy, Station of the Cross, Sacred Heart of Mary, St. Anthony, San Isidro, Padre Pio etc. sa Calapan City.
xiv. Fr. Dushack, Sta. Monica, Good Shepherd at St. Francis sa Tagaytay.
xv. Grotto of Lourdes, Our Lady of the Poor, at St. Benedict sa Baguio City.
xvi. Holy Family at St. Scholastica sa San Felipe, Zambales.
xvii. St. Benedict sa Botolan, Zambales.
xviii. St. Benedict at 2 St. Miguel sa Santa Cruz, Zambales.
xix. Christ of the King at St. Benedict sa La Union.
xx. Edeltraud sa Cubao, Quezon City.

**"SAPAGKAT,** ang Sangguniang Bayan ng Bulalacao ay nagagalak na kinikilala at pinapapurihan ang mga hindi matatawaran at natatanging kontribusyon ni G. Danilo D. Manipon sa larangan ng sining at relihiyon na nagpapatunay na ang Bulalacao ay may mga mamamayang may angking husay at galing na kayang ipagmalaki at ipamahagi saan mang dako ng bansa; Kung kaya't dahil dito...

**PINAGPASYAHAN PA GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA NA;** Kilalanin ang natatanging kontribusyon ni G. Danilo D. Manipon, eskultor at manlililok sa larangan ng sining at relihiyon,

**SA MUNGKAHI** nina SB Member Edwin C. Aceron at SB Member Dexter R. Gonzales na pinangalawahan nina SB Member Elpidio N. Contreras at SB Member Dennes M. Faner, ang kapasyahang ito ay...

**PINAGTIBAY":**Agosto 31, 2021 Bulalacao, Oriental Mindoro.

---

**KGG. DEXTER R. GONZALES**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. DENNES M. FANER**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. EDEZER F. ACERON**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. GERMAN S. ACOSTA**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. KIEVEN E. CANTOS**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. JESS V. SAPUNGAN**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. EDWIN C. ACERON**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**KGG. TULAY M. CARING**
IPM Representative

**KGG. KIM JOHN ELCO E. CANTOS**
SK Federation President

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA Z. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: Sept 13, 2021

070921/PLP/jpc/admm

2021.05.25 15:31

Scanned with CamScanner